

Kapag kayo ay may napansing nagaganap na DV

Mga sangguniang nais naming ipaalam sa inyo

Sa Japan, kapag kayo ay nakakatanggap ng karahasan mula sa inyong asawa o iba pang tao, may batas na nangangalaga sa inyo bilang isang biktima (pagpigil sa DV).

Ang lahat ng mga dayuhang naninirahan sa Japan (hindi problema ang “Status of Residence”) ay sakop rin ng batas na ito.

Sumangguni lamang tungkol sa kahit ano mang bagay.

Tagapaglathala: Hyogo Prefecture Women and Family Consulting Center
(Hyogo Prefecture Spousal Violence Counseling and Support Center)

Nararanasan ba ninyo ito??

Kapag sa palagay ninyo ay may tumatama sa mga sumusunod na mga bagay, sumangguni lamang kayo.

Checklist para sa DV

- Palaging binabantayan ang kalagayan ng loob ng asawa, kumikilos ayon sa utos ng asawa
- Madalas sumasakit ang ulo, nahihilo, nasusuka, hindi makatulog, laging pagod
- Kapag nagagalit, tinitira ang mga bagay sa paligid, tinataasan ka ng kamay, nagbibitaw ng marahas na salita at marahas ang asal
- Kahit na ayaw ninyo, pinipilit ang pagtatalik
- May pagkakataong tinatakot kayo na hindi kayo tutulungang ma-extend ang inyong visa kapag hindi ninyo sinunod ang sinasabi ng inyong asawa
- Hinahamak ang wika at pagkain ng ipinanganakang lugar at hindi kayo pinapayagan gamitin o lutuin
- Tinatakot kayo na kapag kayo ay nag-diborsiyo ang karapatan sa bata ay hindi mapupunta sa inyo
- Sinasabihan kayo na i-diborsiyo kayo upang hindi makakuha ng permanenteng visa
- Madalas kayong sabihan na umuwi na kayo sa inyong bansa
- Sinasabihan kayo na walang magtitiwala sa tulad ninyong dayuhan

[Ang binagong bahagi sa inilabas ng Japan Information Center for DV Prevention]

Ang DV (Domestic Violence) ay...

Ang tawag sa paggamit ng karahasan ng asawa upang mapasunod and kabiyak sa sariling kagustuhan. Kasama sa tinatawag na asawa ang [ang nakalagay sa rehistro ng pamiya na asawa], [asawang hindi kasal], [nag-diborsiyong asawang hindi kasal].

Ang [asawang hindi kasal] ay ang isa sa mag-asawa na kahit na hindi nakarehistro ang kasal ay talagang nagsasama bilang tunay na mag-asawa. Samantalang ang [nag-diborsiyong asawang hindi kasal] naman ay isa sa mag-asawa na kahit na hindi nakarehistro ang kasal ay talagang nagsama bilang tunay na mag-asawa at naghiwalay kaya maaaring ituring katulad ng diborsiyo ng tunay mag-asawa. Kasama rin dito ang kasintahang kasamang nakatira sa isang bahay o ang kasintahang dating kasamang nakatira sa isang bahay.

Ang DV ay isang napakalaking kalapastanganan sa karapatang pantao na may kasamang kriminal na kaasalan.

Kadalasan, ang asawang gumagawa ng karahasan ay maganda ang hitsura. Ang problema ay napapa-isip niya ang ginagawan niya ng karahasan na [Ako ang masama dahil ako ang dahilan na siya ay nagiging marahas].

Walang di-pangkaraniwang tipo ang asawang gumagawa ng karahasan, walang pakialam ang edad, pinag-aralan, trabaho o anupaman.

Ang dahilan ng DV ay hindi lamang ang pag-inom ng alak, namamana kaugalian, o dati nang kagaspangang ugali.

Ang gumagawa ng karahasang tao ay masama.

Hindi dapat magisip na [Ako kasi ang masama], [Kulang ang aking pagsisikap].

Mga uri ng karahasan

Pangatawang karahasan

Panununtok, paninipa, pangangaladkad paikot, pananakal

Pangkaisipang karahasan

Panlalait na sinasabihang tanga, walang magawang husto, tinatanga na sinasabihang ang mga Hapon ay magagalang

Karahasang sekswal

Sapilitang pagtatalik, hindi tumutulong upang maiwasan ang pagbubuntis, kahit na bawal ang magpalaglag dahil sa sariling relihiyon sapilitang pinapalaglag ang dinadalang sanggol

Pinansyal na karahasan

Hindi binibigyan ng pera para makapamuhay, at kinukuha ang kita.

Sosyal na karahasan

Mahigpit na binabantayan ang kaugnayan sa mga kaibigan, ang mga ginagawang pagtawag sa telepono o mga pinapadalang sulat, binibigyan ng limitasyon ang pagkikipagkaibigan, hindi pinapalabas sa bahay

Karahasang ginagamit ang anak

Pinapakita sa mga bata ang mga ginagawang karahasan, pinapapintasan sa mga anak ang asawa, pinapasabi sa mga bata ang mga bagay na nakakasira sa asawa
(Ang pagpakita sa mga bata ng mga ginagawang karahasan ay itinuturing ding isang kalupitan sa bata)

Karahasang ginagamit ang paglakad ng visa na panakot

Hindi ipapa-extend ang visa, kinukuha ang Residence Card, ginagawan ng paraan na kunin ang mga anak at palabasin sa Japan, tinatakot na kapag hindi ma-extend ang visa ay idedeporta

Pangkulturang karahasan

Hindi pinapagamit ang sariling wika, minamaliit ang wika at ang luto ng ipinanganakang lugar at iba pa, at hindi ito pinapagamit. Hindi binibigyan halaga ang mga rehilyosong kaugaliang at kaisipan ng sariling bayan

Kapag nahihirapan at nais tumakas mula sa karahasan ng asawa, o kaya nais malaman ang mga bagay tungkol sa DV, huwag mag-atubili at sumangguni lamang.

Napipinsala din ang mga anak.

Kahit na mukhang maayos, napipinsalaan ang mga anak.

Karamihan sa mga bata ay nakikita ang karahasan. May mga kasong ang bata mismo ang nakakatanggap ng karahasan.

Kapag pinalaki ang bata na nakakakita ng karahasan, o nakakatanggap ng karahasan, magkakaroon ng epekto ito sa kanilang kaisipan at katawan.

- Nagiging balisa
- Nagiging pala-away
- Hindi nakakapag-aral
- Hindi pinapakita ang tunay na pakiramdam, tinitignan muna ang kalagayan ng kalooban ng matatanda
- Tinatago ang sariling pakiramdam at inaayon ang kilos sa kagustuhan ng mga matatanda (upang maturing na mabait na bata)
- Nagiging walang tutol sa mga taong mas malakas sa kanya
- [Ako ang masama kaya inaapi] [Ako ay masamang bata] na sinisisi ang sarili
- Nagkakaroon ng problema sa mga kaugnayan sa ibang tao, hindi papasok sa paaralan at hindi na halos lalabas ng bahay

Mga kilos tulad nito ang pinakapita ng mga bata ayon sa lubha ng kanilang niraranas at paraan ng pagpigil ng karahasan.

Upang maganda ang paglaki ng mga bata, walang mas mahalaga pa kaysa pagsiguro ng isang kapaligiran na walang karahasan na hindi sila palaging natatakot.

タガログ語

- Q Kung may taong nahihirapan sa aking paligid, ano ang dapat kong gawin?
- A Kapag may taong nahihirapan sa inyong paligid, bigyan ninyo siya ng leaflet na ito, o iba pang mga materyales na nakasulat kung saan maaaring sumangguni tungkol sa DV. Tanungin ninyo kung siya ay may problema. Ipaalam sa kanya ang mga organisasyon na tumatanggap ng sangguni.
- Q Ako ay isang biktima ng DV mula sa aking asawa, ngunit ako ay over-stay na kaya ako ay natatakot na baka ako ay isumbong kapag ako ay sumangguni.
- A Ang karapatan ng isang biktima ng DV ang titignan kaya hindi isusumbong sa imigrasyon. Huwag kayong mag-atubiling lumapit sa sanggunian ng DV.
- Q Hindi ako tinutulungan ng aking asawang ma-extend o mapalitan ang aking visa, kapag ako ay naging isang over-stay na maaari pa rin ba akong manatili sa Japan?
- A Kapag dahil sa DV kayo ay hindi nakapag-extend ng inyong visa, ang inyong kalagayan ay bibigyan ng konsiderasyon sa pag-imbistiga ng inyong kaso, sumangguni lamang kayo sa pinakamalapit na tanggapan ng imigrasyon. Kapag dahil sa DV hindi ninyo mapalitan ang nakarehistro ninyong tirahan o kapag hindi kayo makapunta sa tanggapan ng imigrasyon na humahawak sa lugar ng inyong nakarehistrong tirahan dahil kayo ay natatakot, maaari kayong pumunta sa ibang tanggapan ng imigrasyon at pakikikingan din nila ang inyong sasabihin.
- Q Kapag dahil sa karahasan ng asawa ko, ako ay umalis sa aming tirahan at iniwan ko ang aking anak, idedeporta ba ako?
- A Hindi kayo idedeporta dahil iniwan ninyo ang inyong anak nang kayo ay umalis sa inyong tirahan. Kung nais ninyong manatili sa bansang ito, bibigyan ng konsiderasyon ang inyong kalagayan kasama na ang inyong pagiging isang biktima ng DV, itutuloy ang pagsuri ng inyong papeles sa susunod na pag-extend o pagpalit ninyo ng uri ng visa.
- Q Kapag ang isang dayuhang biktima ng DV ay nakipag-diborsiyo sa kanyang asawa, hindi ba maaaprobahan ang pagpalit niya ng uri ng visa?
- A Kung nais na manatili sa bansang ito, bibigyan ng konsiderasyon ang kanyang kalagayan kasama na ang kanyang pagiging isang biktima ng DV, itutuloy ang pagsuri ng kanyang papeles sa susunod na pag-extend o pagpalit niya ng uri ng visa. Ang kalagayan ng pamumuhay ng bawat pamilya ay naiiba, kaya sumangguni lamang.
- Q Kapag naging biktima ng DV at tumakas, tatangalin ba ang visa kapag hindi pinalitan ang nakarehistrong tirahan?
- A Kapag nakumpirma na may sapat na dahilan kaya hindi ipinarehistro ang bagong tirahan, hindi matatanggal ang visa. Halimbawa, upang hindi malaman ng taong gumawa ng karahasan ang tirahan ng biktima ng DV, kapag hindi pinalitan ang nakatalang tirahan, katumbas ito ng [maaaaring may sapat na dahilan].
- Q May magandang paraan ba upang makapamuhay sa Japan pagkatapos ma-diborsiyo sa asawa at nahihirapan sa pera?
- A Kapag may balidong visa, maaaring gamitin ang mga sistema ng tulong sa Japan. Maraming ang mga sistema ng tulong tulad ng Public Welfare System, Medical Insurance System, sistema tungkol sa mga child benefits, sumangguni lamang sa tanggapan ng welfare sa inyong tinitirahang lugar.
- Q Palagay ko ang aking asawa ay magpapasa ng papeles para sa diborsiyo ng hindi pinapaalam sa akin. May magagawa ba upang hindi makapagpasa ng papeles para sa diborsiyo na walang sang-ayon?
- A May sistema para sa hindi pagtanggap ng ipinasang papeles ng diborsiyo. Mag-aplay lamang sa munisipyo ng inyong tinitirahang lugar. Ngunit hindi ito magagamit kapag parehong dayuhan ang mag-asawa.

タガログ語

May paraan upang hindi makalapit sa inyo ang inyong marahas na asawa.
Mayroong mga Protection Orders ang batas tulad ng [kautusan ng pagbabawal na lumapit], [kautusan ng paglisan sa lugar o pook] at [kautusan ng pagbabawal sa pagtawag sa pamamagitan ng telepono at iba pang paraan].

[Kautusan ng pagbabawal na lumapit]

Kautusan na nagbabawal sa asawa na lumapit sa kinaroroonan ng biktima, sa paligid ng tirahan o lugar ng trabaho ng biktima.

[Kautusan ng pagbabawal sa pagtawag sa pamamagitan ng telepono at iba pang paraan]

Kautusan na nagbabawal ang makiusap na magkita o magtagpo, marahas na salita o gawa, pagtawag sa telepono, pagpadala ng e-mail at iba pa.

[Kautusan ng paglisan sa lugar o pook]

Isang kautusan na mapapaalis ang marahas na asawa sa tinitirahang bahay ng mag-asawa.

タガログ語

Kapag may peligro sa inyong buhay, may mga lugar na maaari kayong dalhin upang pansamantalang mabigyan ng proteksiyon.

Para sa mas detalyadong impormasyon, sumangguni lamang sa mga sangguniang nakalista sa ibaba. Sa oras na makaramdam ng peligro, tumawag lamang sa 110.

Mga Sanggunian para sa Karahasan ng Asawa atbp (DV)

Sanggunian / Magagamit na Wika / Telepono / Araw ng Sangguni / Oras ng Sangguni

Hyogo Prefecture Women and Family Consulting Center (Hyogo Prefecture Spousal Violence Counseling and Support Center) /

Wikang Hapon / 078(732)7700 / Araw-araw / 9:00–21:00 *Sa oras ng kagipitan tumatanggap ng tawag ng 24 oras

Hyogo Prefectural Gender Equality Promotion Center “EVEN” Sangguni para sa mga suliranin ng mga babae /

Wikang Hapon / 078(360)8551 / Lunes~Sabado (maliban sa mga national holidays, at sa una at huling araw ng taon) / 9:30–12:00, 13:00–16:30

Hyogo Police Headquarters, Stalker and DV Counseling /

Wikang Hapon / 078(371)7830 / Araw-araw / 24 oras

General Affairs Division, Kobe District Immigration Office, Osaka Regional Immigration Bureau /

Wikang Hapon / 078(391)6377 / Lunes~Biyernes (maliban sa mga national holidays, at sa una at huling araw ng taon) / 8:30–12:00, 13:00–17:15

Hyogo International Association, Information and Advisory Service Center (sangguni tungkol sa pamumuhay) /

Ingles, Intsik, Espanyol, Portuges / 078(382)2052 / Lunes~Biyernes (sangguni tungkol sa pamumuhay) 9:00–17:00, Lunes: Kailangan ng appointment 13:00–15:00

Kobe International Community Center KICC /

Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portuges, Biyetnames, Pilipino, 078(291)8441) /

Ingles at Intsik Lunes~Biyernes, Koreano Biyetnames, Espanyol at Portuges Martes at Huwebes, Biyetnames Lunes at Miyerkules, Pilipino Miyerkules / 10:00–12:00, 13:00–17:00 (Ang telepono ay mula 9:00 hanggang kayang sagutin)

NGO Network for Foreigners' Assistance KOBE (GQ Net) /

Ingles, Intsik, Espanyol, Portuges, Tagalog / 078(232)1290 / Biyernes / 13:00–20:00 (hanggang 18:00 lamang ang wikang Intsik)

Vietnam Yume Kobe /

Wikang Hapon, Biyetnames / 078(736)2987 / Martes~Sabado (maliban sa mga national holidays) / 10:00–17:00

Asian Womens Empowerment Project /

Wikang Hapon, Ingles, Portuges / 078(734)3633 / Miyerkules / 11:00–16:00

Tumatanggap din ng sangguni tungkol sa karahasan na nagaganap sa pagitan ng mga magkasintahan. Ang maaaring isangguni at ang paraan ng pagsangguni ay naiiba sa bawat organisasyon.

Para sa mas detalyadong impormasyon, magtanong lamang sa bawat organisasyon.

Maaaring sumangguni sa kahit saan mang himpilan ng pulisiya (*seikatsu anzen-ka*, departamento para sa kaligtasan ng pamumuhay) o sa mga departamento ng tanggapan ng bayan na humahawak sa mga bagay na may kaugnayan sa DV.